Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes
www.mzbmp.org | facebook.com/mzbmp | www.sermonaudio.com/mzbmp
mobile: 09154948573 | Missionary Bill Hardecker

**Pamagat**: Ang Pinakamahalangang Pagbabago sa Buong Mundo.

**Bible Text**: 2 Cor. 5:17 "Therefore if any man be in Christ, he is a new creature: old things are passed away; behold, all things are become new."

> *Pagsasalin*: Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang; ang mga lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago. (2 Corinto 5:17)

**Panimula**:

1. Napakahalaga ng "kung" na ito – sa wika ito ay tumutukoy ng kondisyonal na pangyayari.
2. Ang kaligtasan na gawa ng Dios sa kaluluwa ng tao ay makapangyarihan na ang tawag nito o ang dulot nito ay pagbabago ng lahat (new creature/bagong nilalang) at ang idea dito ay bagong paglalang. Galing ito o hiram ito sa Paglalang ng Dios sa simula ng lahat maliban ang Dios lamang.
3. Ang kaligtasan ay nagdudulot ng paninibago sa buong kalagayan ng tao.
4. At ito ang nais kong ipliwanag sa inyo ngayon – bigyan natin pansin ang mga salitang ito (2 Cor. 5:17).

## I. Maraming mga Tao ang Nasa Mali Patungkol sa Kalagayan ng Kanilang Kaluluwa

A. Kung tanongin mo sila patungkol sa pagiging Christiano, or spiritual malamang sasabihin nila, YES, kasi sinilang ako ng mga magulang ko bilang Christiano. (Na binyagan ako noong sanggol).

B. Yun iba – yes, tagal ko nang alam ang patungkol kay Cristo, narining ko na ito, nag-pray panga-ako, subalit hindi tugma sa salita ng Dios ang kanilang karanasan.

C. Yes – sabi ng iba, kasi nagsisikap akong gumawa ng wasto at tama: nagsisimba ako, miyembro nga ako ng simbahan o iglesia. Hindi ba lahat naman ng tao ay may kakayahan na gumawa ng tama? Yes, therefore ano ang pagkakaiba? Saan ito nakikita? Meyroon bang pag-kakaiba ang taong na kay Cristo sa taong na sa mundong ito?

## II. Ang Mga Biblical na Sangkap sa "Kung" ng 2 Cor. 5:17

A. Una sa lahat, ito ay ang Dapat alam natin na tayo ay naliligaw, o dayuhan sa Dios. Ito ang pangunahing kaisipan, wari-wari. – tayo ay hiwalay sa kanya dahil sa pag-pili natin sa sariling kagustuhan ng kasalanan. Ayaw natin mag-pasakop sa Dios, sa kanyang mga salita, sa kanyang batas. Dahil ang espiritu natin ay patay. Walang relasyon sa Dios. Walang pagkakaisa sa Dios. Walang malay patungkol sa kapatawaran ng Dios para sa ating mga kasalanan.

B. Hindi mangyayari, hanggat ang Dios ay kumilos muna, at magsimula ng pagsusumbat, o paghihikayat. Dito lamang madidilat ang ating isip at puso sa mga katotohanan ng makasalanan nating kalagayan at pagkahiwalay sa Dios.

C. Mauunawaan natin na hindi tayo makakatamo ng pag-babago maliban lamang sa grasya ng Dios. Hindi natin ito kayang gawan ng paraan, kitain, hindi tayo nararapat sa Langit. Wala tayong kapangyarihan o kakayahan na tulungan ang ating kalagayan, palitan ang ating hinaharap o burahin ang ating nakaraan.

D. Ang grasya ng Dios ay siyang pumapalit sa ating kalagayan: Active ito: "BE", kasalukuyan ito: "IS" – ay at siya'y – Ang pagiging "in Christ" ay karanasan na pinapasukan. At kapag ikaw ay na kay Cristo – ikaw ay bagong nilalang. Walang kalahating Christian dito. Wala rin kalahating kahit ano sa mundong ito: kalahating-buhay, kalahating-mamamayan, kalahating-asawa; kalahating-estudyante; kalahating-manggagawa; kalahating-Christiano – walang ganito. So ang kaligtasan ay ganito: May time na ako ay hiwalay sa Dios pero may time rin na ako ay nag-sisi at sumampalataya kay Christo at ako ngayon ay nakay Cristo. Ito ay pagbabago ng katayuan.

**Katapusan**:

1. Ito ay gawa ng Dios o kilos ng Dios sa espiritu ng tao – 2 Cor. 5:18 – pinakipagkasundo tayo sa kanya rin sa pamamagitan ni Cristo. May pag-babago sa ugali ng Dios patungkol sa atin, at may pag-babago rin ang ating pakikisama sa Dios. Pag-babago sa isa't-isa.
2. Bakit ito mahalaga: Bagong-buhay; bagon-nilalang; bagong-paglalang? Ang lumang buhay ay hindi katanggap-tanggap sa Dios. Ito ay nakakasakit at nakakgalit sa Dios.
3. Kaibigan, magsisi at sumampalataya kay Cristo Jesus bilang iyong Panginoon, Dios, Tagapagligtas!